

MAKAKAKUHA NG TULONG-PINANSYAL

para sa mga residente at negosyo sa Hobsons Bay

Kung nakakaranas ka ng problema sa pera at hindi mo na mababayaran ang iyong mga rate, interes, fee at bayarin para sa iyong bahay, negosyo, samahan/asosasyon sa sports, o grupo sa komunidad, maaari kang mag-apply para sa tulong-pinansyal.

Maaaring mag-apply para sa tulong ang mga indibidwal, grupo sa komunidad, samahan/asosasyon sa sports at negosyo sa ilalim ng Patakaran sa Problema sa Pera o Patakaran sa Tulong-Pinansyal para sa COVID-19 ng Konseho.

Ang problema sa pera ay maaaring sanhi ng kawalan ng trabaho, pagkakasakit, paghihiwalay sa pamilya, pagkamatay ng asawa, nabawasang kita, pagkawala ng kita, o iba pang malala at nakakadehadong pangyayari sa buhay na dulot ng isang krisis tulad ng pandemyang COVID-19.

Bilang bahagi ng patakaran: maaaring patagalin ang takdang petsa ng pagbabayad sa mga rate, renta, interes, fee at bayarin, at maaaring magkaroon ng mga kasunduan tungkol sa mga abot-kayang plano ng pagbabayad.

Mga Hakbang

1. Kumpletuhin sa ang Aplikasyon ng Kahilingan para sa Tulong-Pinansyal sa pamamagitan ng website ng Konseho, www.hobsonsbay.vic.gov.au/financialassistance
2. Maaaring magbigay ang tagaserbisyo sa kustomer ng kumpidensyal na tulong upang makumpleto ang aplikasyon. Ang mga residenteng gustong humingi ng tulong sa kanilang pangunahing wika ay maaaring tumawag sa Tawagang Pang-Wika ng Konseho sa 9932 1212 at humiling na makipag-usap sa isang interpreter. Naisalin ang pahina ng impormasyon na ito sa 15 wika at makakakuha nito sa www.hobsonsbay.vic.gov.au/financialassistance
3. Kailangang magbigay ng pansuportang impormasyong magpapatunay sa iyong aplikasyon, gaya ng mga statement ng bangko at impormasyon ng Centrelink at/o pagbubuwis.
4. Sinusuri ang iyong aplikasyon ng mga Opisyal ng Konseho gamit ang Patakaran sa Problema sa Pera o Patakaran sa Tulong-Pinansyal para sa COVID-19.
5. Pag-aaralan ang iyong aplikasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 21 araw pagkalabas ng resulta.

Makakakuha ng Patakaran sa Problema sa Pera at Patakaran sa Tulong-Pinansyal para sa COVID-19 sa aming website na www.hobsonsbay.vic.gov.au/Services/Rates

Saan ka makakakuha ng tulong?

Ang Konseho ng Mga Karapatan sa Pinansya at ng Consumer ng Victoria (Financial & Consumer Rights Council of Victoria o FCRC) ang grupong tagapagtanggol para sa Mga Tagapayo sa Pinansya sa Victoria at maaari itong tumulong sa iyo na makahanap ng tagapayo sa pinansya – bisitahin ang www.fcrc.org.au para sa higit pang impormasyon.

Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na pagpapayo ang Pambansang Tawagang pantulong sa Utang para sa mga taong nakakaranas ng problema sa pera - bisitahin ang www.ndh.org.au o tumawag sa 1800 007 007 para sa higit pang impormasyon.

